# NAPLAN Impormasyon para sa mga magulang at taga-alaga 2024

## Bakit kukuha ang mga estudyante ng NAPLAN?

Ang National Assessment Program - Literacy and Numeracy (NAPLAN) ay pagtatasa ng kasanayan sa pagbasa, pagsulat at pagbilang na kinukuha ng mga mag-aaral sa Year 3, 5, 7 at 9 bawat taon. Ito ang tanging pambansang pagtatasa kung saan lahat ng mga estudyanteng Australyano ay may pagkakataong kumuha.

Habang sumusulong ang mga mag-aaral sa kanilang mga antas ng taon sa pag-aaral, mahalagang suriin kung gaano nila natututunan ang mahahalagang kasanayan sa pagbasa, pagsulat at pagbilang.

Tinatasa ng NAPLAN ang mga kasanayan sa pagbasa, pagsulat at pagbilang na natututunan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kurikulum ng paaralan at tumutulong sa mga magulang/tagapag-alaga na makita kung paano umuunlad ang kanilang anak ayon sa mga pambansang pamantayan ng kasanayan.

Ang NAPLAN ay isa lamang na aspeto sa proseso ng pagtasa at pag-uulat sa paaralan. Hindi ito kahalili ng kasalukuyang mga pagtatasa sa pagganap ng mag-aaral na ginagawa ng mga guro, ngunit maaari itong magbigay sa mga guro ng karagdagang impormasyon tungkol sa pag-unlad sa edukasyon ng mga mag-aaral.

Nagbibigay din ang NAPLAN sa mga paaralan, awtoridad ng edukasyon at pamahalaan ng impormasyon tungkol sa kung paano gumagana ang mga programa ng edukasyon at kung ang mga batang Australyano ay nakakamit nila ang mga mahahalagang layunin ng edukasyon sa pagbasa't pagsulat at pagbilang.

## Ang inyong anak ay gagawa ng mga pagsulit ng NAPLAN sa online

Ang mga online na pagsusulit ng NAPLAN ay idinisenyo upang magbigay ng mga tumpak na resulta at nakakaengganyo para sa mga mag-aaral. Ang mga pagsusulit ay iniayon (o ibinagay) na nangangahulugan na ang bawat pagsusulit ay mayroong mga tanong na maaaring may kahirapan depende sa mga tugon ng isang mag-aaral. Nakakatulong ito sa mga mag-aaral na manatiling nakatuon sa pagtatasa.

Ang pinasadyang pagsusulit ay nagpapahintulot ng isang mas malawak na hanay ng mga kakayahan ng estudyante na matasa at masukat ng mas tiyak ang nagawa ng estudyante. Ang pangkalahatang resulta ng isang estudyante sa NAPLAN ay batay sa bilang at kahirap ng mga tanong na nasagot nila ng tama. Ang inyong anak ay hindi dapat mabahala kung may makikita silang mga mapanghamon na mga tanong; maaari silang kumukuha ng mas kumplikadong landas ng pagsulit.

Lahat ng estudyante sa Year 3 ay magpatuloy na kumpletuhin ang pagtasa sa papel.

## Ano ang tinatasa ng NAPLAN?

Tinatasa ng NAPLAN ang mga kasanayan sa pagbasa't pagsulat at pagbilang na pinag-aaralan ng mga estudyante sa pamamagitan ng kanilang regular na kurikulum sa paaralan.

Ang mga estudyante ay uupo sa pagtasa sa pagbasa, pagsulat, mga karaniwang paggamit ng wika (pagbaybay, gramatika at bantas) at pagbilang. Ang mga tanong ay nagtatasa ng nilalaman na kaugnay ng Kurikulum ng Australya: Ang Ingles at mga Matematika.

Lahat ng mga awtoridad ng edukasyon sa pamahalaan at hindi pamahalaan ay mag-aambag sa paggawa ng mga materyal sa pagsulit ng NAPLAN.

Upang madagdagan ang kaalaman tungkol sa NAPLAN, bumisita sa nap.edu.au.

## Pakikisali sa NAPLAN

Ang NAPLAN ay para sa lahat ng mga mag-aaral sa Year 3, 5, 7 at 9. Sinusuportahan ng ACARA ang inklusibong pagsusulit, kaya lahat ng estudyante ay may pagkakataong lumahok sa programa ng pambansang pagtatasa.

May mga pagsasaayos na magagamit para sa mga estudyanteng may kapansanan na maaaring may mga nagkakaibang kakayahan at pangangilangan.

Ang mga paaralan ay dapat makipagtrabaho sa mga magulang/taga-alaga at estudyante na magtukoy, depende sa kaso, ng mga nararapat na pagsasaayos na kinakailangan ng mga indibidwal na estudyante na may kapansanan upang magamit ang NAPLAN. Ang mga pagsasaayos ay dapat nagsasalamin ng suporta na pangkaraniwang ibinibigay sa mga pagtasa sa silid-aralan.

Upang makatulong sa pagpapahayag ng mga pagpapasyang ito, maaari kang kumonsulta sa NAPLAN public demonstration site, ang Gabay para sa mga paaralan sa pagtulong sa mga estudyante na may kapansanan upang magamit ang NAPLAN, o ang ating mga serye ng video kung saan ang mga magulang/tag-alaga, guro at estudyante ay nagbabahagi ng kanilang mga karanasan sa paggamit ng mga pagsasaayos ng NAPLAN.

Sa mga pambihirang kalagayan, ang isang estudyante na may kapansanan na may malaking paglilimita sa kanilang kakayahan na makisali sa pagtasa, o isang estudyante na kararating sa Australya at di-Ingles ang pinagmulang salita ay maaaring mabigyan ng pagkalibre (exemption).

Ang inyong prinsipal sa paaralan at ang lokal na administrador ng pagsulit ay maaaring magbigay sa iyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsasaayos para sa mga estudyante na may kapansanan o ang prosesong kailangan upang mabigyan ng pormal na pagkalibre (exemption).


Translation © VCAA

## Ano ang maaari kong magawa upang masuportahan ang aking anak?

Ang mga estudyante ay hindi kailangang magrepaso para sa NAPLAN. Maaari kang sumuporta sa inyong anak sa pamamagitan ng pagpapalakas sa kanilang loob na ang NAPLAN ay bahagi ng programa ng kanilang paaralan at ipaalala mo sa kanila na basta gawin nila ang pinakamabuti nila makakaya. Ang ilang paliwanag ng NAPLAN ay kapaki-pakinabang upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan at maging komportable sa format ng mga pagsusulit; gayunpaman hindi ito kailangang gawin ng mga magulang/tagapag-alaga. Ang mga guro ay magtiyak na ang mga estudyante ay pamilyar sa mga uri ng mga tanong sa pagsulit at magbibigay ng mga nararapat na suporta at patnubay.

Hindi nirerekomenda ng ACARA ang labis na paghahanda para sa pagsusulit sa NAPLAN o ang paggamit ng mga serbisyo ng mga tagapagbigay ng coaching.

Tingnan ang mga uri ng mga tanong at tool na magagamit sa online na pagtatasa ng NAPLAN sa NAP - Public demonstration site.

## Paano maiulat ang pagganap ng aking anak?

Mula 2023, ang mga resulta ng NAPLAN ay iniuulat batay sa mga pamantayan ng kahusayan. Mayroong pamantayan para sa bawat area ng pagtatasa sa bawat antas ng taon. Ang mga pamantayan sa kahusayan ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa nakamit ng mag-aaral. Ang mga ito ay itinakda sa isang mapaghamon ngunit makatwirang antas na inaasahan para sa bata sa panahon ng pagsusulit sa NAPLAN, batay sa itinuro sa mga nakaraang taon ng pag-aaral. Ang tagumpay ng mag-aaral ay ipinapakita batay sa 4 na antas ng kasanayan: Nakahihigit, Malakas, Papaunlad at Nangangailangan ng karagdagang suporta.

Ang ulat ng NAPLAN tungkol sa bawat estudyante ay ibibigay ng paaralan ng inyong anak sa malapit ng pagtatapos ng taon. Kung hindi ka makatanggap ng ulat, dapat tawagan mo ang paaralan ng inyong anak.

## Paano kung ang aking anak ay lumiban sa paaralan sa mga araw ng pagsusulit sa NAPLAN?

Kung maaari, ang mga paaralan ay maaaring magsaayos upang ang mga estudyante na nagliban sa mga araw ng mga pagsusulit ay makakumpleto ang mga naiwasang mga pagsulit sa ibang oras sa loob ng panahon ng pagsulit sa paaralan.

## Paano magamit ang mga resulta ng NAPLAN?

- Ang mga estudyante at magulang/taga-alaga ay maaaring magamit ang mga indibidwal na resulta sa pagtatalakay ng pag-unlad sa mga guro.
- GagSga guro ang mga resulta sa pagtukoy sa mga estudyante na nangangailangan ng mga mas malaking paghamon o dagdag na suporta.
- Gagamitin ng mga paaralan ang mga resulta na makilala ang mga bahaging may kalakasan at mga nangangailangan ng pagpapahusay sa mga programa ng pagtuturo at mailatag ang mga layunin sa pagbasa't pagsulat at pagbilang.
- Ang mga sistema ng paaralan ay gagamit sa mga resulta sa kanilang pagrepaso sa kahusayan ng mga programa at suporta na iniaalok sa mga paaralan.
- Makikita ng komunidad ang impormasyon tungkol sa nagawa ng mga paaralan sa paglipas na panahon sa myschool.edu.au.

## Saan ako makakukuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa NAPLAN:

- kontakin ang paaralan ng inyong anak
- kontakin ang inyong lokal na awtoridad sa pamamahala ng pagsulit sa nap.edu.au/TAA
- bisitahin ang nap.edu.au

Upang malaman kung paano ginagamit ng ACARA ang personal na impormasyon ng NAPLAN, bumisita sa nap.edu.au/naplan/privacy.

## Tala-orasan (timetable) ng NAPLAN

Ang mga araw ng pagsulit sa NAPLAN ay sa loob ng 9 na araw. Ito ay upang mapaunlakan ang mga paaralan na walang kapasidad na kumpletuhin ang mga pagsusulit sa mas maikling panahon.

Ang NAPLAN test window ay magsisimula sa Miyerkules ika-13 ng Marso at magtatapos sa Lunes ika-25 ng Marso 2024. Iiskedyul ng mga paaralan ang mga pagsusulit sa lalong madaling panahon sa loob ng palugit ng pagsusulit (testing window), na inuuna ang unang linggo.

| Pagsulit | Mga pangangailangan sa pag-iiskedyul | Katagal | Paglarawan ng pagsulit |
|---|---|---|---|
| **Pagsusulat** | • Ang mga estudyante sa Year 3 ay gagawin ang pagsulit sa pagsusulat sa papel (sa unang (1) araw lamang)<br>• Ang pagsusulit sa pagsulat ng Year 5, 7 at 9 ay dapat magsimula sa 'day 1' (dapat uunahin ng mga paralan na kumpletuhin ang pagsuri sa pagsulat ng mga days 1 at 2 lamang at ang day 2 ay gagamitin lamang kung may mga problema sa teknikal o sa lohistiko) | Year 3: 40 minutos.<br>Year 5: 42 minutos.<br>Year 7: 42 minutos.<br>Year 9: 42 minutos. | Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng isang ideya o paksang tinatawag na "writing stimulus" o "prompt" at hihilingang tumugon sa pamamagitan ng pagsulat gamit ang isang partikular na genre (pasalaysay o mapanghikayat na paraan ng pagsusulat) |
| **Pagbabasa** | • Tatapusin pagkatapos ang pagsulit sa pagsusulat | Year 3: 45 minutos.<br>Year 5: 50 minutos.<br>Year 7: 65 minutos.<br>Year 9: 65 minutos. | Ang mga mag-aaral ay magbabasa ng hanay ng mga tekstong nagbibigay-kaalaman, malikhain at mapanghikayat, at pagkatapos ay sasagutin ang mga kaugnay na tanong |
| **Mga kaayusan ng wika** | • Dapat makumpleto pagkatapos ang pagsulit sa pagbabasa | Year 3: 45 minutos.<br>Year 5: 45 minutos.<br>Year 7: 45 minutos.<br>Year 9: 45 minutos. | Tinatasa ang mga mag-aaral sa pagbaybay (spelling), balarila (grammar) at bantas (punctuation) |
| **Pagbilang** | • Tatapusin pagkatapos ng pagsulit sa mga kaayusan ng wika (conven-tions of language) | Year 3: 45 minutos.<br>Year 5: 50 minutos.<br>Year 7: 65 minutos.<br>Year 9: 65 minutos. | Tinatasa ang mga mag-aaral sa bilang at algebra, pagsukat (measurement) at geometry, at istatisdika at probabilidad |